# 1

Inayos muna ni Lance Generalao ang kuwelyo ng kanyang mamahalin, pero may kalumaan nang black leather jacket, bago pumasok sa loob ng eleganteng double doors ng *City Lights Bar and Grill*. Nakakatiyak siyang nagkalat ang mga tinatawag niyang ‘vultures’ or photographers sa press launching ng bagong restaurant ng kanyang nakababatang kapatid, si Tricia.

At hindi nga siya nagkamali. The moment he placed his left foot on the shiny marble flooring of the establishment, a light bulb flashed on his face, almost blinding him. On instinct, itinakip niya ang kanyang braso sa kanyang mga mata para maibsan ang tindi ng liwanag ng camera.

“Sir, dito naman po kayo humarap, please?” pakiusap ng isang photographer sa kanyang gawing kaliwa.

Ngunit hindi niya pinansin ang pagsusumamo ng lalaki. He had no desire to see himself in the society pages of any newspaper. Ang tanging dahilan lamang kung bakit gusto nila ang larawan niya ay dahil isa siyang Generalao. Ang kanyang ama

lang naman ang may-ari ng pinakakilalang realty development company sa buong Pilipinas. At sa pamilya rin nila ang *UFG* o *Universal Food Group*, which manufactured daily commodities like canned goods, hotdogs, fruit juices, at iba pang produkto.

"Sorry, mga brod," aniya sa lahat ng press photographers habang umiiling, isang sagisag na hindi siya aprubado sa kanilang pagkuha ng larawan. Pero parang walang narinig ang mga ito at patuloy pa rin sa pagpindot ng kanilang mga cameras. Bumuntong-hininga siya at nagmadali sa paglalakad patungo ng bar para malampasan kaagad ang cordoned area para sa press photographers. His beloved sister was the expert socialite maven, hindi siya.

Pero bago niya marating ang isang modernong silver bar stool, hinarang siya ng isang pamilyar na balingkinitang katawan. "At bakit ngayon ka lang, Kuya Lance? My invitation said, 7:00 p.m.," iritadong sabi ni Patricia habang itinuturo ang relo nito to make her point. "It's way past dinnertime, brother dearest."

Hinawi ng kamay niya ang kanyang thick jet black hair. "I'm sorry, sis. Better late than never, di ba? I got stuck in a meeting," simpleng palusot niya,

while he casually put his arm around his only sister's shoulder.

Napatawa ito nang malakas. "You? Stuck in a meeting? Impossible. Kung si Kuya Santi ang nagdahilan niyan, maniniwala pa ako."

Ngumiti si Lance pero deep inside, nasaktan siya sa sinabi ng kapatid. Hindi rin naman niya maitatatwa iyon: ang kanilang panganay na kapatid na si Santi ang siyang astute businessman. He just didn't need the subtle reminder that he was the family's black sheep.

Subalit alam niyang binibiro lamang siya ni Tricia dahil ito ang kanyang number one defender. Noong bata pa sila, tuwing pinagagalitan siya, ito ang laging sumasalo sa kanya. They had always shared a special bond kaya pinalampas niya ang biro nito.

"Why is it so impossible for you to believe that I actually had an important meeting somewhere?" simpleng tugon niya.

Tricia playfully pinched his cheeks. His clear white skin was spattered with stubbles. "Kuya Lance, I love you, you know. Pero alam naman nating you're a lazy bum."

Tumawa siya nang malakas. Subalit bago siya makasagot, isang matandang boses mula sa kanilang tagiliran ang nagsalita.

"Hijo, bakit ngayon ka lang? Kanina pa kami naghihintay nina Tricia at Santi. This was supposed to be a family affair, darling," pangaral ni Doña Sabina del Rio Generalao sa middle child nito. "If your dad is not in Hong Kong on business right now, mapapagalitan ka na naman. And my goodness, hijo! You really need to see a barber sometime soon. Masyadong mahaba ang buhok mo, it looks very unruly."

Hinalikan ng binata ang makinis na pisngi ng kanyang posturyosang ina. She was in her late fifties pero hindi pa rin nawawala ang ganda nito lalo na't palaging naka-coiff ang buhok nito. Nakuha ng tatlong magkakapatid na Generalao ang mestisahing features ng kanilang ina, na isang dating *Miss Philippines*.

"Pasensya na po, Mama. I didn't mean to be late, but I lost track of time," paliwanag niya. As for the comment on his hair, he chose to disregard it para hindi na sila magtalo. Alam niyang alanganing maikli at alanganin ding mahaba ang kanyang buhok. Pero hindi pa siya nagkakaroon ng pagkakataong

makasaglit sa barberya. His extra-curricular activites were keeping him busy.

At totoo naman ang kanyang paliwanag, he did lose track of time. Kagagaling lang niya noong isang araw sa isang out-of-town adventure kaya puyat at pagod ang kanyang katawan. Napagdesisyunan niyang umidlip muna bago magpunta sa party ni Tricia kaya lang napasarap ang kanyang tulog.

"Well, look who finally decided to show up," anang isang pamilyar na boses mula sa dakong likuran. "It's already 9:00 p.m., Lance. It's not everyday our baby sister opens her own restaurant. Bakit naman ngayon ka lang?"

"Puwede ba, Kuya Santi, tigilan mo nga ako," asik niya sa nakatatandang kapatid. Pakiwari niya, minamaliit na naman siya nito. "Talo mo pa si Tricia sa pagkastigo sa akin. Let me remind you, you are not my boss so back off."

"Stop it, boys," ani Mrs. Generalao. "Huwag kayong magbangayan dito, please lang. Hindi na kayo mga bata. Maraming tao sa paligid. Please keep your voices down."

Napasimangot si Lance. Palaging sinisira ng kuya niya ang kanyang araw. Kahit noong maliliit

pa sila, tila kung sino ito kung maghari-harian. Apat na taon lang naman ang tanda nito sa kanya. "Kuya Santi, I'm thirty years old now, not five. I should know by now kung ano ang ginagawa ko."

Namula ang mukha ni Santillan. Nagtitigan nang masama ang magkapatid. Kung nakakapatay lamang ang tingin, kanina pa siguro dumanak ang dugo sa paligid. "Well then, you better start acting your age," he replied smugly. "Start by keeping track of time. Tricia is twenty-six and look at what she's accomplished. If you concentrated on more important things other than climbing or—"

Ikinuyom ni Lance ang kanyang kamay. Kung hindi lamang maraming tao sa paligid, uundayan niya ng suntok si Santi. Hindi niya talaga kayang sikmurain ang 'holier-than-thou' attitude nito. Tila ba kung sinong magaling kung umasta ito. Totoo ngang ang nakatatandang kapatid ang kanang-kamay ng kanilang ama pagdating sa negosyo, but did Santi really need to rub this in his face?

"Kahit na pareho tayong nakatapos ng Business Management, aminado naman akong ikaw ang may utak sa negosyo. So I do what I do best, which is get out of your way," putol niya rito. "At kung ang sports activities ko ang nagpapakulo ng dugo mo, pasensya

na po. Pero para ipaalala ko sa iyo, sariling pera ko mula sa pamana na ibinigay sa atin ni Mamita ang siyang ginagamit ko," he said defensively.

Lalong lumalim ang simangot sa mukha ni Santi. "You're deliberately twisting my words. Hindi iyan ang sinabi ko. At ang perang inilaan ni Mamita, kung hindi mo i-invest, mauubos din iyon. Ang gusto lang namin ng Papa, mas maging involved ka sa ating kompanya dahil—"

"Para ano pa?" mainit niyang sabat. "Maayos n'yo na namang napapatakbo ng Papa ang negosyo nang wala ako. Hindi na ako kailangan d'on."

"Can you please stop arguing?" ani Tricia. Isang 100-kilowatt smile ang naka-plaster sa bibig nito para hindi mahalata ng mga bisita ang namumuong hidwaan. "Please lang. Let's make this a happy affair."

Bumuntong-hininga si Lance. "Okay, sis. Let's party," aniya sa kapatid na babae. "'Bye muna, Mama. Sige, Kuya." Binigyan niya ang huli ng pekeng saludo at hindi na hinintay pa ang reaksyon nito. Mabilis niyang kinuha ang kamay ni Tricia at hinigit ang dalaga patungo sa kabilang sulok ng restaurant kung saan niya namataang nakaupo ang ilang mga kakilala.

"O, iiwan muna kita dito, Kuya. I have to circulate," sabi ni Tricia.

Nagsimulang magkuwentuhan ang tropa tungkol sa kanilang mga paboritong topic—kotse at babae. Habang kumakain ng appetizer na nasa gitna ng mesa at umiinom ng beer, panaka-nakang nakikisali si Lance sa hiyawan ng mga binata.

Truth be told, he was bored to death of the mindless conversation. Pero wala siyang magagawa kundi umupo at magpanggap na nag-e-enjoy for the sake of Patricia. Kung siya ang papipiliin, mas gusto niyang manahimik na lang sa bahay para ma-practice ang kanyang pagpipinta. O di kaya naman, puwede rin siyang mamundok. To commune with nature, wika nga. Whenever he had a rock-climbing adventure, he felt so damn free. So in tune with the world around him.

Napapagod na rin si Lance sa pagiging bad boy. This tough guy image he was projecting was getting much harder as days go by. It must be his age getting to him. Pero wala naman siyang ibang magawa, dahil kung hindi siya magrerebelde, pipilitin siya ng kanilang ama na makisalo sa kanilang kompanya. He didn't want to be a corporate puppet like his older brother. He didn't want that kind of a structured life.

At least, not yet.

Iginala niya ang kanyang mga mata sa paligid. His sister's new restaurant cum bar was definitely swinging. Maganda ang ambience nito with its warm cozy interior. Pati ang pagkain ay patok na patok. Nakakasiguro siyang magiging pinaka-popular itong hangout sa Maynila.

Napadpad ang kanyang paningin sa isang pigura na nakaupo sa isang silya sa dakong likuran. She was a stark contrast to the rest of the partygoers. She looked bored to death habang marahang iniinom ang iced tea nito. Napangiti siya. She looked exactly how he felt.

Hindi niya maialis ang mga mata sa nakakabighaning kagandahan ng dalaga. Her heart-shaped face was framed by a mass of thick curls. Her eyes were deep-set and very expressive. Pinalilibutan iyon ng makakapal na pilikmata. She looked like one of those fragile porcelain dolls with big round eyes. At ang mga labi nito ay simpula ng mga rosas. He couldn't help but wonder if they would taste just as sweet, too.

"Hey, seryosong-seryoso ka diyan, Kuya," ani Tricia na hindi man lang niya namalayan na nasa likuran niya ngayon. Tiningnan ng dalaga ang

nakatawag ng pansin ng kapatid. “Now I see why you’re speechless.”

Natahimik ang mga lalaking nasa mesa sa sinabi nito. Lahat ay nakiusisa sa tinititigan ni Lance.

“Don’t tell me, pare, nakahanap ka na naman ng bagong bibiktimahin. You just called off your engagement to Katrina five months ago,” biro ni Charlie. “You’re such a lady killer, Lance.”

Hindi mapigilan ni Lance ang mangilabot nang marinig ang pangalan ni Katrina. She was the gold-digging wench he made the mistake of falling in love with. Tatlong taon din ang itinagal ng kanilang relasyon bago lumabas ang tunay nitong kulay. Kung hindi pa niya nahuli sa akto ang lukaret na advertising brand manager, na siyang handler ng isa sa mga produkto nila sa *UFG*, malamang ay kasal na siya rito ngayon at lugmok sa kabaliwan nito.

He was thankful for having been given the opportunity to see the light. But as far as his friends and family were concerned, it was he who dumped her. And he did not bother to correct their wrong impression on him. Pangit sa kanyang pandinig na siya ang kinaliwa at ginawang kawawa. And no matter what he said, hindi rin maniniwala ang mga ito sa tunay na dahilan, sapagkat napakagaling

umarteng sawi sa pag-ibig ni Katrina. Pam-best actress ang dating.

Ngunit bago siya makapagsalita para linawin ang lahat, naunahan siya ng kanyang kapatid. "I'm sorry to disappoint you, Kuya dear, but that girl is way out of your league. Kaklase ko siya noong high school sa *Assumption*. If I remember correctly, she was the student body president. She's the responsible type na alam ang priorities. I don't think uubra ang Mr. Pogi charms mo sa kanya. Hindi siya ang tipong nakikipag-fling, you know."

There was nothing he liked more than a great challenge. Kaya nga ba gusto niyang inaakyat ang mga bundok because it gave him a different kind of exhilaration. "Wanna bet, sis? I can make her fall in love with me," overconfident niyang sagot. He knew he sounded like an arrogant asshole, pero hindi niya mapigilan ang sarili.

Ordinarily, he'd blame the alcohol or the pressure of his male peers. But this time around, he knew there was definitely a special something in that girl that stirred his guts. Gusto talaga niyang makilala ang babae.

Naghiyawan ang mga lalaki sa mesa sa narinig na sinabi ni Lance.

Inirapan sila ni Tricia. "Hay naku! Please, do whatever you want. Bet or no bet, I'm sure hindi kayo uubra kay Madeleine Santander."

"Don't tell me you're too chicken to put money where your mouth is, sis? Takot ka sigurong matalo at mawalan ng allowance," biro niya sa kapatid habang sinisipat ang mukha ng dalaga sa di-kalayuang mesa.

She waved her hand as a sign of dismissal. "Matagal na akong hindi tumatanggap ng allowance, big brother. And just to prove na hindi ka uubra kay Mady, come on, ipapakilala pa kita sa kanya."

# 2

Pinipilit patagalin ni Madeleine ang pag-ubos ng kanyang special long island iced tea para lamang hindi siya mamatay sa pagkabato. Sa totoo lang, kaya niyang lagukin ang kakarampot na inumin in one big gulp dahil uhaw na uhaw siya. Pero ayaw naman niyang magmukhang tanga at kaawa-awa ngayong iniwan siyang nag-iisa sa mesa ng dalawang high school friends niya. Kasama niyang maghapunan ang mga ito in their so-called girls' night out.

Kung binitbit lamang sana nina Brenda at Lani ang mga gamit ng mga ito when they left the table, kanina pa siya nakaalis para umuwi. Sabay kasi na nakakita ng old college friends ang dalawa kung kaya iniwan siya ng mga ito. Bumuntong-hininga si Mady.

*Sandali lang daw sila, eh, halos treinta minutos na po*, asik ng utak niya. Pinilit niyang aliwin ang sarili sa soothing mellow rock music na pumapainlanlang sa ere. Tuwing may flight siya, ito palagi ang pinatutugtog niya sa cockpit.

"Hmph! Mga walang konsiderasyon," bulong na maktol niya. "Sige, kakausapin ko na lang muna

ang pader. Ikaw, enjoy ka ba diyan? Cheers to you," aniya sa haligi, sabay taas ng baso. Napatawa siya sa kanyang kagagahan.

Hindi naman talaga ganoon kasama ang loob niya sa dalawang matalik na kaibigan dahil sanay siyang mapag-isa. By nature, she was a loner. An introvert. She liked to surround herself with books and good music. Mahilig siyang makinig ng musika. At nagkataon namang maganda ang song selection ng bagong restaurant na kanilang pinuntahan. Ang sinabi ni Brenda, dating kaklase raw ang may-ari nito kaya mapalad sila at nakakuha kaagad ng table kahit na big launching night ng restaurant.

Ibinaba ni Mady ang hawak niyang baso ng iced tea laced with rum. Hindi niya maintindihan kung bakit biglang hindi siya mapakali. Hinawi niya ang buhok na bahagyang tumabing sa kanyang mukha at inilagay ang mga hiblang ito sa likod ng kanyang tainga. Iginala niya ang kanyang mga mata sa paligid.

Napasinghap siya nang makita ang dahilan ng kanyang pagkabalisa. Isang pares ng mapanuring mata ang taimtim na nakatitig sa kanya. Pakiramdam niya, dahan-dahan siyang hinuhubaran nito. She shifted uncomfortably on her seat and closed her

eyes to block out the formidable-looking man. Marahil ay guni-guni lang niya ang bumabagabag sa kanya dahil nga bagot na bagot na siya.

She opened her eyes at palihim itong sinulyapan sa sulok ng kanyang mata. He was still looking at her intently. Naramdaman niya ang pag-akyat ng kulay sa kanyang mga pisngi. Hindi pangkaraniwan ang hitsura ng lalaking nakatitig sa kanya. May kakaibang ihip ng kapilyuhan ang binata mula sa suot nitong itim na leather jacket, buhok na hanggang balikat, at manipis na balbas sa baba nito. If he were clean-cut without any trace of stubble, he would actually be very good-looking.

Pinilit niyang pakalmahin ang mabilis na kabog ng kanyang dibdib. She considered herself a well-mannered person. Tinuruan siya ng kanyang nasirang ama na it was not polite to stare at anybody. Invasion of personal space daw ito. Kaya lang dahil tila nang-aasar ang binatang nakikipagtagisan ng titig sa kanya, saglit niyang kinalimutan ang magandang asal at nakipagsalubungan ng titig dito.

*Matira ang matibay!* sigaw niya sa utak habang nakikipagbungguan ng tingin sa lalaki.

They held each other’s gaze for several seconds. Pero para sa kanilang dalawa, ang ilang segundong

iyon ay mistulang walang-hanggan.

Unang pinutol ng lalaki ang kanilang tagisan ng pagtingin. He lowered his eyes on the glass before him. Pakiwari ni Mady, nanalo siya ng lotto. Sa kabilang banda, hindi rin niya maintindihan ang kakaibang damdaming umuusbong sa kanyang dibdib. When he averted her gaze, she felt a tinge of disappointment for losing their connection.

When it finally registered through her head why he abruptly ended their mini-battle of the eyes, she felt a rush of embarrassment. Nakaangkala ngayon sa balikat ng misteryosong binata ang isang magandang babae. At hindi lang ito basta kung sinong babae.

Si Patricia Generalao.

Dati niya itong kaklase noong high school. Ang babae ang pinakapopular na Assumptionista ng kanilang batch na naging captain ng cheerleading squad at prom queen at ngayon ay sikat na model at socialite.

Siya malamang ang sinasabi ni Brenda na may-ari ng restaurant. *Damn! Nakakahiya sa kanya if she caught me staring at her boyfriend*, isip-isip niya.

Iniyuko ni Mady ang kanyang ulo. Nawalan

na siya ng lakas na tumingin sa gawi ng dalawa. Inabala niya ang sarili sa pagsimsim ng iced tea. Dahil sa pagpapanggap na abalang-abala siya sa pag-inom, hindi niya napansin na lumapit ang dalawa sa kanyang mesa. Nabilaukan tuloy siya nang mag-hello si Patricia sa kanya at tinawag pa ang kanyang pangalan.

"Are you all right, Miss?" alalang tanong ng lalaki sa tabi nito habang wala siyang tigil sa pag-ubo. Namumula na ang kanyang mukha.

Binigyan niya ito ng thumb-up sign. Kapagdaka'y pinunasan niya ang kanyang bibig ng table napkin at itinuro ang mga bakanteng silya sa kanyang harapan. "Umupo muna kayo. Sorry about that, nagulat ako sa pagdating ninyo," paliwanag niya.

"Are you sure you're okay?" tanong ni Tricia.

"Positive!" sagot niya na hindi makatingin ngayon sa kasama ng kanyang former schoolmate.

"I saw you from afar," simula nito.

*Shoot! I bet you saw me eyeballing your boyfriend. Nakakahiya*, piping gagad ng utak niya. Kung puwede lang, kanina pa siya nagtago sa ilalim ng mesa.

"I'm Patricia Generalao. Dati tayong magkaklase sa *Assumption*. Naaalala mo ba?" patuloy nito.

Ngumiti siya. "Of course, I remember you. Sino ba'ng hindi makakaalala sa iyo? You were the most popular girl in school."

Napahalakhak si Tricia sa kanyang deskripsyon dito. "I don't believe in false modesty. What you said is partly true, pero hindi naman ako lang ang popular, ha. Ikaw, kilalang-kilala ka rin. Student body president, chairman ng yearbook committee at salutatorian."

Nagulat siya nang banggitin nito ang accomplishments niya. Magkaiba sila ng grupo. At kailanman ay ni hindi niya naisip na alam ng gaya ni Patricia that someone like her also existed. "Yes, I'm the ultimate geek, am I not?" birong sagot niya.

"Ahem, ahem!" hirit ng isang malalim na boses.

"Oh, I'm sorry. I forgot to introduce to you, my brother…" simula ni Tricia na tila noon lang naalala na kasama nito si Lance.

*Brother? Yes!* Pakiwari ni Madeleine, nabunutan siya ng tinik. Ang saya-saya ng pakiramdam niya.

"Lance and I were on our way to the bar to

get something to drink when I spotted you here," patuloy nito.

Napanganga siya nang makitang nakabitin sa ere ang kamay ni Lance. At natauhan siya bigla. She gave him what she hoped was a firm handshake.

"Nice to meet you, Madeleine," sabi ni Lance habang nakikipagkamay sa dalaga. He had to admit, sa puntong maglapat ang mga balat nila, parang kung anong kiti-kiti ang dumaloy sa kanyang dugo. Sa isip niya, naramdaman din kaya ng babaeng ito ang kuryenteng iyon?

"Likewise," sagot ni Mady. Umakto siyang parang hindi apektado o kinikilig ang kanyang tono. Nakakahiya naman kung maulinigan ng magkapatid ang kanyang kaba dahil sa malakas na presence ni Lance Generalao. She would hate to belong to that group of women na nangangatog ang tuhod sa harap ng mayamang binata. At nakakasiguro siyang marami ang mga ito dahil kilala ang angkang Generalao.

At sa unang pagkakataon simula ng lumapit ang dalawa sa mesa, nangahas siyang tingnang maigi ang mukha ng binata nang malapitan. Tama nga ang kanyang unang assessment, may angking kaguwapuhan si Lance. His smile was so enchanting.

*Teka*... Napa-double take siya. Kinurap niya ang kanyang mga mata para makasiguro na tama ang kanyang nakikita. She had to bite her lip to stop herself from laughing. “Uhm... Lance, I don’t know how to tell you this,” simula niya.

Bumilis ang pintig ng puso ng lalaki at halos mabingi siya. Ano kaya ang sasabihin ng magandang babae? He must be right about that electrifying feeling when they shook hands. Kaya pala malakas ang loob nitong makipagtitigan sa kanya. He instantly liked her spunk. Maling-mali ang kapatid dahil mukhang ready makipag-fling sa kanya ang dalaga.

“You have something stuck in between your teeth,” pagbibigay-alam ni Mady.

Hindi ito makapaniwala sa narinig. “Excuse me? Ano’ng sabi mo?”

“May berdeng dahon sa pagitan ng mga ngipin mo,” aniya habang itinuturo ng kanyang hintuturo ang sariling ngipin to illustrate her point.

Marahas na hinawakan ni Tricia ang mukha ng kapatid para maiharap dito ang ngipin nito. “Oo nga. Gross! You have tinga, brother dearest. That must be from the spinach dip you were eating earlier.”

Napanganga si Lance. Binalot siya ng hiya. *And that's why she was looking at me intently earlier. I look like a clown with something stuck in my teeth.* "Excuse me," marahas niyang sabi, sabay tayo mula sa silya. Halos matumba pa iyon sa lakas ng kanyang puwersa. Dali-dali siyang naglakad patungo sa banyo.

Naiwang naghahagalpakan sa tawa ang dalawang babae sa mesa kaya lalong nagngitngit ang binata sa inis.

"I'm sorry, Tricia, napahiya yata ang utol mo sa sinabi ko," bulong ni Mady sa dalaga.

"Oh, don't worry about it. Kuya will get over it. And it's not like it's your fault na nasira ang poise niya," sagot nito na hindi pa rin mapigil sa katatawa.

Madeleine looked at the retreating man's stiff back. Sigurado siyang napahiya ito sa sinabi niya. Taklesa na kung taklesa, pero mas mabuti pa rin ang nagsasabi ng totoo. Nagkibit-balikat na lamang siya. Wala siyang magagawa kung manipis ang balat ng isang milyonaryong tulad ni Lance Generalao.

*Sayang, cute pa naman sana siya in a devilish kind of way*, anang puso niya.

*Nababaliw ka na 'ata, Mady! Alalahanin mo*

*ang masaklap na love affair ng iyong papa. You must concentrate on your career*, kontra naman ng isipan niya.

Iniling niya ang ulo para mapalis ang mga nagsasalpukang ideya sa kanyang kalooban. She must admit, no man had ever caught her eye like that before. Iba kasi ang aura nitong kapatid ni Patricia. Kaya laking pasalamat niya na magkaiba ang mundong ginagalawan nila. After all, what are the chances na makikita pa niya ito ulit? Wala.

“Is everything all right?” tanong ni Tricia nang makita ang pag-iling ng kausap.

Natauhan si Mady nang marinig ang pag-aalala sa tono ng dating kaklase. “Sorry about that. Hindi kasi ako sanay uminom. May halong liquor itong long island iced tea so I felt the room spinning there for a minute,” palusot niya nang may ngiti sa labi. Huwag sana siyang tamaan ng kidlat sa kanyang little white lie. “Maganda itong restaurant mo. You must be very proud of it.”

Bago makasagot si Patricia, bumalik sina Brenda at Lani sa kanilang mesa. Nagsimula uli ang panibagong round ng kamustahan. Nang magkaroon ng tiempo, nagpaalam na si Mady.

“What? Ang K.J. mo talaga. Bibihira na nga lang tayo magkita,” maktol ni Brenda.

“Kaya pala iniwan n’yo akong dalawa rito sa mesa. Miss n’yo nga ako,” birong patama niya. Mukhang guilty naman ang dalawa, pero bago sila makapagsalita, nagpatuloy siya, “I’m just joking, girls.”

“So hindi ka talaga puwedeng mag-stay?” pangungulit ni Brenda.

“I’m sorry,” aniya sa tatlong dalaga. “But you know I have to call it a night dahil may flight pa ako bukas. I have to be at hangar early. I shouldn’t even be drinking this,” patukoy niya sa kanyang spiked iced tea drink.

“Pero after lunch pa ‘ika mo ang flight mo tomorrow,” paalala ni Lani.

Bago siya makasagot, humirit ng tanong si Tricia. “Are you a flight attendant?”

Si Brenda ang sumagot. “Nope, she’s a pilot.”

Hindi na siya nagulat nang makitang bumilog ang mga mata ng dalaga at napanganga pa ito. She was used to that kind of a stunned look by now. Lahat yata ng makilala niya, nagugulantang tuwing

sinasabi niya ang kanyang propesyon. “Which is why I have to go ahead,” patuloy niya.

“Wow! Just wow! That’s women empowerment,” ani Tricia na hindi pa rin makapaniwala. “Before you go, you have to give me your cell number. Let’s keep in touch.”

“Sure.” Ibinigay niya ang kanyang numero rito. Matapos ay nagpaalam siya sa mga kaibigan bago lumabas ng restaurant. Ang totoo, mayroon siyang iniiwasan kaya minabuti niyang umalis na. Ayaw na niyang mabalikan pa siya ni Lance sa mesa. Hindi niya alam kung paano ito haharapin.

---

Paglabas niya sa men’s room, napapitlag si Lance nang tapikin siya ng kapatid sa kanyang balikat.

“What took you so long, Kuya? Para kang girl, ang tagal mong gumamit ng banyo. Umalis na siya.”

Hindi niya pinansin ang pang-aasar ni Tricia. Sa halip, pinagalitan pa niya ito. “Ikaw, Patricia ka. Meron pala akong tinga, hindi mo man lang sinabi sa akin,” inis na sabi niya.

“At bakit, kasalanan ko ba? Ni hindi ko naman ‘yon nakita. Sisihin mo sina Mike. They were with you

the entire time at hindi ka man lang nila binigyan ng warning," sagot nito. "And you know what surprises me, Kuya? Sa laki ng tipak ng dahon na naiwan sa pagitan ng teeth mo, I'm shocked hindi mo man lang naramdaman. Sobrang manhid mo na yata."

Inakbayan niya ito habang naglalakad sila patungong main dining room. "Hindi ako manhid, sister dear. I'm very much alive and kicking kaya nga sobrang napahiya ako at si Mady pa ang nagsabi na may nakatenggang pagkain sa bibig ko."

Natawa ito at pabirong hinigit ang kanyang buhok. "So much for making a good impression, huh, Kuya. Buti na lang hindi ko tinuloy ang bet na gusto mo, dahil kung nagkataon, ngayon pa lang, talo ka na. Turn-off ka."

"Baka kaya maaga umalis ang friend mo, na-turn off sa tinga at bad breath ko," biro niya.

"Sira ka talaga," hirit ni Tricia. "She didn't even say anything about you, which proves my point earlier na hindi kayo talo. Sorry pero ni hindi man lang siya nangatog sa charming good looks mo. Immuned siya sa killer looks mo."

"You're wrong, sister dear. And just to prove how wrong you are, liligawan ko siya."

"Hay naku! Please don't play games, Kuya Lance," pangaral nito. "Ligawan mo siya, kung tinamaan ka sa kanya."

Hindi sumagot si Lance. Abala siya sa paggunita sa magandang ngiti ng dalagang pinag-uusapan nila. He had never met anyone as outspoken as Madeleine before. Impressed siya sa babae.

Nakita ni Tricia ang kakaibang kinang sa mga mata ng kapatid at napanganga ito. "Oh, my gosh! You do like her and I'm surprised. To think she's so not your type."

"Bakit, sis, ano ba ang type ko?"

"Well, for one thing, mahilig ka sa babae na merong long straight hair. Strike one against Mady. At gusto mo ng patpatin. 'Yung tipong modelo ang figure at height gaya ko."

"Well, sis, I'm entitled to change my taste," aniya habang ang kanyang utak ay lumilipad sa malulusog na dibdib ni Mady na nakatago sa ilalim ng itim nitong blusa. "Now tell me, how do I get in touch with this mystery girl?"

"Brother dear, pagdating sa bagay na iyan, you're on your own," pilyang sagot ni Tricia at mabilis na tumalikod.

For a split second, nagulat si Lance at naiwang nakanganga sa kanyang puwesto sa bahagyang madilim na pasilyo. His only sister had never ever said no to him before. At tila nahimasmasan siya kaya mabilis niyang hinabol ang papaalis na dalaga.

"Hey, young lady, you get back here and tell me what I need!" sigaw niya. "Saan ko makikita si Madeleine when she didn't even leave a silver slipper before she left?"

"Bakit, ano'ng akala mo? Siya si *Cinderella*?" anito na lihim na natatawa at binilisan ang paglakad.

# 3

Napasinghap ang mga tao nang makita ang maliit na pulang eroplano na nagsisirku-sirko sa himpapawid. Para ba itong isang Olympic gymnast na naglalaro sa mga ulap. Kakaiba kasi ang ginagawa nitong walang-takot na pagtahak sa langit, lulan ng eroplanong ngayon ay nakatihaya.

At ang gamit pa ng matapang na piloto ay hindi ordinaryong eroplano. It was an old-fashioned bi-plane with an open cockpit. Ang tanging seguridad lamang ng nag-iisang piloto ay ang makapal na harness na nakadiin sa kanyang dibdib.

Hindi bago kay Madeleine ang aerobatic flying. Bata pa lamang siya, nakabuntot na siya sa kanyang ama, isang respetadong colonel sa *Philippine Air Force* at orihinal na miyembro ng *Blue Diamonds*, ang kilalang airplane-stunts-flying team ng bansa. Minana niya kay Col. Ruben Santander ang pagmamahal sa langit at sa mga eroplano.

Limang taong gulang pa lamang siya nang inabandona sila ng kanyang inang sumama sa isang foreigner. Wala na silang narinig na balita mula rito pagkatapos. Not that Mady cared anyway because

for her, her father's love more than made up for the lack of a mother.

Inidolo niya ang kanyang ama. Nagmistulang sidekick pa nga siya nito, dahil tuwing wala siyang pasok, kabuntot siya nito kapag nag-iinspeksyon sa *Basa Airbase* sa Pampanga o sa *Villamor Airbase* sa Pasay. Nakatira sila sa bahaging iyon ng Maynila, kasama ang kapatid nitong si Tiya Vangie, hanggang sa pumanaw ang colonel dalawang taon na ang nakakalipas.

A vision of her father flashed before her. Naramdaman niya ang pamumuo ng luha sa gilid ng kanyang mga mata. Tuwing nasa himpapawid siya, hindi niya mapigil ang maalala ang kanyang papa. They both shared this passion. At kung hindi dahil sa impluwensya nito, she wouldn't even consider being a pilot by profession. Sayang at hindi man lamang nito nakita ang ginagawa niya ngayon. He would have been so proud.

Nasawi si Col. Santander nang mag-malfunction ang engine ng isang fighter plane na sinakyan nito habang nasa himpapawid. Sumabog ang eroplano nang bumagsak iyon sa Mount Palali sa Nueva Ecija. Pabalik noon ang kanyang ama sa *Basa Airbase* mula sa Cagayan. Nakuha pang mag-eject ng butihing

colonel mula sa cockpit bago bumagsak ang fighter plane, pero hindi naging maayos ang pagbagsak ng katawan nito sa lupa.

Pinaikot ni Mady ang kontrol at bumalik ang maliit na eroplano sa tamang puwesto. Inihanda niya ang sarili sa mga huling natitirang exhibition movements bago niya tuluyang ibinaba ang eroplano. She loved doing this fancy kind of flying and the thrill of it is new every single time she stepped onto the old airplane loaned by her boss. Subalit hindi naman niya ito ginagawa nang madalas. Most of her flying time is spent manning the controls of a Cessna Citation III, a small twelve-seater aircraft.

Sa gulang na beinte-siete, empleyado siya bilang head pilot ng isang maliit na private charter service, ang *Majestic Sky*. Kalimitan, ang kanilang mga kliyente ay mga businessmen, company executives o mga sikat na miyembro ng lipunan na hindi sumasakay sa commercial aircrafts. She was damn proud of what she had achieved despite the many sexist comments she got from other people when she was just starting out in flying school.

Inihanda niya ang kanyang sarili para sa huling yugto ng kanyang personal air show. Puno man siya ng anticipation, ang kanyang mga kamay na

nakapantong sa kontrol ay matatag at walang bahid ng tensyon.

She allowed the plane to roll swiftly, yet gracefully, side over side in a series of manuevers that looked quick, death-defying and dangerous to the crowd watching the annual air show at V*illamor Airbase*. Kailanman ay hindi nawalan ng kontrol si Mady sa kabila ng nakakatakot na maniobrang ito. Alam niya, isang sulyap lamang sa mga instrumento, kung ano exactly ang dapat niyang gawin.

And when she finished the sequence, she positioned the plane ready for descent. Gauging her speed and distance accurately, she smoothly lowered the plane onto the runway. Using the rudder and brake efficiently, she set the plane down perfectly and taxied over to a vacant parking space.

Pinatay niya ang makina at tinanggal ang makapal na sinturong pangkaligtasan. In two swift movements, kaagad siyang nakatalon mula sa kanyang upuan pababa ng lupa. At nang lumapat ang kanyang mga paa sa graba ng base, kagyat siyang nakadama ng panghihinayang. She loved being on the air too much.

Pakiwari ng dalaga, nakarinig siya ng palakpak. She wasn't conceited enough to think it was for her.

She chalked the sound up to the ringing in her ears brought about by the plane's reverberating engine. O marahil kalabog ito ng kanyang puso na mabilis pa rin ang pagpintig ngayon dahil sa adrenaline rush.

Tinanggal niya ang makapal na helmet na pumoprotekta sa kanyang ulo. Her long, thick, curly hair came swirling out with a vengeance. Inalis din niya ang makapal na goggles na bumabalot sa kanyang mga mata.

She heard the collective gasp of the group before her. Hindi nila inaasahan na isa siyang babae. At ngayon, muling nagpalakpakan ang grupo. Mas malakas pa kaysa sa una.

Sila ang mga pamilya ng mga pilotong kasama sa air show kaya nakapasok ang mga ito sa loob ng restricted area.

Namula ang kanyang mga pisngi. Up in the sky, she was comfortable with all the attention. They could stare at her all they want. Ngunit ngayon sa lupa, hindi siya komportable sa atensyong ito. Pakiwari tuloy niya, isa siyang insekto na sinusuri sa ilalim ng isang magnifying glass.

Lalo pang nadagdagan ang kanyang pagkabalisa nang makita niya ang isang pares ng mapanuring

mata; titig na titig sa kanya ang mga iyon. She had seen those piercing black eyes staring at her before. Hindi siya maaaring magkamali dahil ganito rin ang pakiramdam niya dalawang linggo na ang nakalipas sa *City Lights Bar and Grill*.

Kay Lance Generalao nga iyon; nanlalamon ang tingin nito. *Ano ang ginagawa nito sa loob ng restricted area?* tanong niya sa kanyang utak.

Hinawi ni Mady ang kanyang buhok. It was a nervous gesture. Nagsimula siyang maglakad patungo sa opisina bitbit ang helmet sa kanyang kamay. Hindi na niya pag-aaksayahan pa ng anumang segundo si Lance. Nagpanggap siyang hindi niya ito nakita. Sa halip, kinawayan at nginitian niya ang grupo bilang pasasalamat sa kanilang papuri.

Kapagdaka'y lumutang sa ere ang malakas na tunog ng makina. Nagsimula na sa pag-akyat ang susunod na piloto na magpapakitang-gilas sa air show. Natuwa ang dalaga dahil ang atensyon ng mga taong nasa paligid ay naalis na sa kanya at naibaling dito.

But her joy was short-lived. Parang may kung anong pumukaw sa kanyang puso nang hawakan ni Lance ang kanyang braso para pigilan siya sa paglalakad. Hindi niya inaasahan na makadama ng

kakaibang sensasyon. She felt very confused.

"Good flight, Madeleine," papuri nito, sabay baba sa kamay nito na ipinatong sa kanyang siko.

Naningkit ang mga mata niya. He was freshly shaven and clean-cut compared to the last time she saw him. Tama nga ang unang assessment niya, he was drop-dead gorgeous. But somehow, despite shelving his gangster trappings, she could smell trouble.

It was on the tip of her tongue to say, 'very nice haircut,' subalit mas minabuti niyang magpanggap na hindi ito kilala. "Have we met before? Pasensya ka na pero hindi ko talaga maalala. Pero pamilyar nga ang mukha mo."

Nagulat ang binata. He was used to women falling all over his feet, nang dahil sa mataas na reputasyon at yaman na kaakibat ng kanyang apelyido. Tama nga ang kapatid niya, he didn't make an impact on Mady at all in their initial meeting. He knew he should feel disappointed, but somehow he was relieved. For him, she was utterly refreshing.

"We met at my sister's restaurant. Si Patricia ang nagpakilala sa atin. I'm her brother, Lance. Remember, the one with spinach stuck in my teeth."

"Ah, yes. I'm sorry at hindi ko agad naalala. But it's nice to see you again. Please give my regards to Tricia," aniya. Hindi niya inaasahan na ipapaalala nito ang nakakahiyang nangyari sa pagitan nila. Maybe she was wrong; Lance was a lot more humble than she thought. "O sige, mauna na ako."

"Wait, I want to ask you a favor."

*Ako? How can little old me possibly help someone like you?* sambit ng kukote niya. Masyado siyang nagulat kaya hindi niya ito nasagot.

"Alam mo bang mahirap kang hagilapin. Your schedule is so packed and you're always off somewhere. I want you to give me flying lessons."

Napanganga si Madeleine. To say she was stunned is a huge understatement. "Ako? I'm sorry, Mr. Generalao, but you said so yourself, my schedule is fully packed. I can't give you or anyone private flying lessons."

Marahas niyang iniling ang kanyang ulo habang sinasabi ito para malaman ni Lance kung gaano siya kasalungat sa proposisyon nito. *The nerve of him to think that I'd drop anything just to tutor him privately*, ngingit niya sa isip.

"But you must! Nagbibigay ang kompanya ninyo

ng lessons sa mga beginner pilots—"

Pinutol niya ang sinasabi nito. "I must?" aniyang nakataas ang kilay. "Yes, our company offers that service. And we have instructors for that. At hindi iyon bahagi ng tungkuling ginagampanan ko rito sa kompanya. If you want flying lessons, kausapin mo ang clerk sa opisina namin sa tabi ng domestic airport. See you, Mr. Generalao," pagtatapos niya ng kanilang usapan.

Mabilis na pumasok ang dalaga sa loob ng opisina ng base, na ipinagagamit para sa mga kalahok ng programa. Talo pa niya ang hinahabol ng mga aso sa bilis ng kanyang pagtakbo. Inside the sanctuary of the office, she felt safe. Nakita niya ang kanyang boss, si Mr. Ronaldo Aldeguer, na nakaupo sa tabi ng malaking bintana. Pinanonood nito ang palabas sa langit. Nginitian siya nito nang makita siya.

"Good work, Madeleine," papuri nito.

"Salamat po, Sir."

Nagtuloy siya sa loob ng locker room at hinubad ang kanyang berdeng flight suit. Lumantad ang kanyang whistlebait figure na itinatago ng makapal na kasuotan. Padaskol niya itong ipinasok sa locker, kasama ang kanyang helmet at goggles. Sinuot niya

ang kanyang pantalong maong at simpleng itim na sleeveless shirt.

“But you must!” Rumipeke ang sinabi ni Lance sa kanyang utak at lalo siyang nagngingit sa inis. Kinuha niya ang kanyang bag at padabog na isinara ang metal na pinto ng locker. Sa kanyang imahinasyon, nakabalandra ang mukha ni Lance sa pagitan ng pinto.

“Ayan ang dapat sa iyo,” aniya sa kalawakan.

Hindi maintindihan ni Mady ang kanyang nararamdaman. Lance didn’t really do anything nasty against her, but he still rubbed her the wrong way. Alam niyang dahil ito sa preconceived notions niya sa binata. She knew she was being judgemental ngunit wala siyang magawa.

Para sa tulad niyang pinaghihirapan ang lahat, ang uri ni Lance ay iyong tipong spoiled brat—dahil mapera, akala nito ay madaling makukuha ang lahat. And proof of it was his nerve to ask her for flying lessons.

Lumabas siya ng locker at naghanda na pauwi. Magpapaalam sana siya kay Mr. Aldeguer nang makita niyang na-corner ito ni Lance. Mag-aatubili sana siya sa paglapit pero tinawag siya ng kanyang

boss.

“This is one of our best pilots, Lance, si Mady,” anito.

“Yes, Tito Ronnie,” anang binata. “We’ve met way before pa. Kaklase siya ni Patricia. And that’s why I want her sana to be my flight instructor,” saad nito na may pilyo at matagumpay na ningning sa mga mata. “Siya rin ‘yung pilotong sinasabi ko kanina sa inyo. In this case pala, pilota.”

Nagtawanan ang dalawang lalaki sa birong ito.

Si Mady ay lalo lamang uminit ang ulo. Gusto man niyang pandilatan sa inis ang mayabang na kumag, wala siyang magawa. Pero hindi na rin siya dapat magulat na on a first name basis pala ang relasyon nitong aroganteng hinayupak na ito sa kanyang boss. Talaga namang nakukuha ng katulad ni Lance ang lahat ng gusto nito.

“So, Mady, I trust you’ll take very good care of my kumpadre’s boy?” ani Mr. Aldeguer na tinatapik pa ang balikat ng binata. “Ikaw raw ang choice niya, eh.”

Tumango lamang siya bilang kasagutan. Ano pa ba ang masasabi niya?

"Bueno, kayo na lang ang bahalang mag-usap tungkol sa schedule, ha. Exciting ang palabas sa ere," pagtatapos nito.

Nagpaalam ang dalawa sa nakatatandang lalaki. Sabay silang lumabas ng building patungo sa direksyon ng parking lot. Si Lance ay nakabuntot sa dalaga, na malaki at mabilis ang mga hakbang patungo sa kanyang awto.

"Hey, wait. Hindi mo man lang ba ako bibigyan ng oras para sa first lesson natin?" tanong nito. "Hindi ka naman bingi, di ba? Or baka nga slightly deaf ka na dahil sa lakas ng makina ng eroplano," biro nito.

And that did it! Madeleine twirled suddenly, prepared to snap at him for his arrogance. Wala siyang ibang kilala na kasing-mahangin nitong lalaking ito. Subalit ang kanyang batikos ay naiwan sa kanyang ngalangala dahil bumangga siya sa matipunong dibdib ng binata.

Lance wasn't prepared for her abrupt stop. Nagmamadali pa rin kasi ang kanyang mga hakbang para habulin ang papalayong dalaga kaya nahugot lahat ng hangin sa kanyang mga baga nang maramdaman niya ang kakaibang puwersa na umatake sa kanyang dibdib. Para itong isang troso

na ipinambababambo sa nakasarang pinto.

Nagsalpukan ang kanilang mga katawan. At sa mga sandaling iyon, tila biglang tumigil sa pag-ikot ang mundo.

Naglakbay ang puso ni Mady patungo sa kanyang lalamunan. Ang buong akala niya ay lalagutok siya sa lupa sa lakas ng kanilang pagkakabangga. Ngunit mabilis siyang nasalo ni Lance. Kaagad nitong nasapo ang kanyang mga braso kaya hindi siya tuluyang natumba.

She felt a different surge of pleasure the instant their bodies collided. Hindi niya maintindihan ang pakiramdam na ito. Buong buhay niya, pinilit niyang labanan ang mapalapit sa kaninumang lalaki maliban sa kanyang ama.

Ang masalimuot na love affair ng kanyang mga magulang ang siyang gumapos sa puso niya upang iwasan ang pag-ibig. Kaya ngayon, hindi niya maipaliwanag ang kakaibang tibok nito tuwing napapalapit siya sa lalaking ito. His mere touch was sending different tendrils of strange sensations throughout the entire length of her body.

Namula ang mukha niya dahil titig na titig ang binata sa kanya. Umasa siyang hindi nito nababasa

ang laman ng isip niya. She composed herself and freed her arms from his strong grasp.

"Aren't you gonna thank me?" anito anang may ngiti sa labi. It was his way of easing the tension. "Don't I look like a knight in shining armor?"

Alam niyang nagbibiro ito, pero hindi niya mapigilan ang sarili na mairita sa sinabi nito. Sa halip na magpasalamat, na talaga namang plano niyang gawin, inirapan niya ito at nagpatuloy sa paglalakad patungo sa kanyang kotse.

"Hey, wait, Mady," pigil nito. "Hindi kita maintindihan. What did I ever do to you? May period ka ba? Bakit ba ang init ng dugo mo sa akin?"

Natigilan siya. Hinarap niya ang binata. She certainly didn't want anyone to think she was unreasonably masungit. "Ang yabang mo kasi."

Nagkamot ito ng ulo. "I'm sorry kung na-offend kita. Mahilig lang talaga akong magbiro. But I'm not trying to make fun of you. I'm just trying to get you to laugh with me. Hindi ba mas madaling tumawa kaysa sumimangot?" At para maipakita iyon sa kanya, umasim ang mukha nito. Talo pa nito sa pagsimangot si *Datu Puti*.

Hindi napigilan ni Madeleine ang sarili at

napatawa rin dahil sa kalokohan nito. For the first time since they met, she gave him a wholehearted smile. Hindi niya inaasahang kolokoy rin pala ang tulad ni Lance. He sure had a great sense of humor. Baka nga na-misinterpret lamang niya ito.

"See, mas maganda ka pag may kumukutitap smile na nakapaskil sa mukha mo," papuri nito na lalong humanga sa magandang mukha ng dalaga, na ngayon ay mas tumingkad pa dahil sa matamis nitong ngiti.

She blushed at the compliment. "Salamat."

"So, hindi ka na galit sa akin?"

"I was never really mad, Lance. Sabihin na lang natin, you caught me in a bad time." Huminto siya nang saglit para isipin ang kanyang schedule. "Fine, meet me next week, Tuesday, 10:00 a.m." Nagsimula siyang maglakad, ngunit huminto siya kaagad na para bang may nakalimutan. "And don't be late," paalala niya. "Time is gold!"

Sumaludo ito. "Ma'am, yes, ma'am!"

If he had said this five minutes earlier, mapipikon siya. Ngayon alam niyang talagang sadyang mapagbiro lang ang lalaki sa kanyang harapan. Even though she had a very bad feeling about the coming

Tuesday, alam niyang wala siyang magagawa para mapigil ang pagdating ng araw na iyon. Kinawayan niya na lamang niya ang lalaki at pumasok na siya sa loob ng kanyang kotse.

Tinitigan ni Lance ang papaalis na sasakyan lulan ang babaeng nagpapabilis ng tibok ng kanyang dibdib. He must have really gone insane chasing her like this. Sana nga, Martes na bukas!

# 4

"Madali lang pala ito. Para ka lang nagmamaneho ng kotse," may kahambugang pahayag ni Lance, sabay kindat kay Mady, na tahimik na nakaupo sa kanyang tabi. He just finished flying a perfect rectangle up in the sky. "This is just so great. Bale-wala na ang lahat ng fears ko kanina. I bet I can land this baby nang walang kaproble-problema."

Palihim ngumisi ang dalaga. Alam niyang ang exhiliration na ito ay kadalasang nadarama ng bagong flying students. Akala nila, hari na kaagad sila ng langit. The feeling had to be nipped in the bud before it got out of hand. Mahirap kalaban ang overconfidence at kayabangan. Ang eroplano ay hindi isang laruan. It is a powerful machine that one can't simply take for a spin or a joy ride.

At iyon ang unang itinuturo niya sa kanyang mga estudyante; respeto sa eroplano. Pangalawa ang respeto sa langit, ang highway na siyang binabaybay ng mga sasakyang-panghimpapawid. Flying students simply can't take both for granted.

Subalit dahil si Lance ay sadyang malakas ang bilib sa sarili, napagdesisyunan ni Mady na turuan

ito ng leksyon na hindi nito kailanman malilimutan. Kailangan maibsan nang kaunti ang hangin nito sa katawan.

"You've done pretty well so far, Lance," pagtatapat niya. "Pero marami ka pa ring kailangang pag-aralan. Why don't you take us up a bit?"

"Talaga?" di-makapaniwalang pahayag nito. "Gaano pa kataas ang gusto mo?"

"Take us up another four thousand feet," sabi niya habang sinusuring mabuti ang mukha nito. *Sige, tingnan natin ang tapang mo. Kayanin mo kayang kontrolin ang eroplano sa pagbaba natin?* isip-isip niya. "Sa palagay mo, kaya mo itong gawin?"

"You bet," matatag na pahayag nito. "Watch me, okay." He pulled back the yoke and raised the nose of the airplane.

At nagsimula ngang umakyat ang eroplano sa isang kakaibang anggulo na alam ni Mady ay mauuwi sa hindi maganda. Subalit kinagat niya ang kanyang labi para pigilan ang sarili sa pagbibigay ng babala. She would wait and see if Lance could be calm and collected at the height of impending disaster.

"Madeleine, hindi maganda ang pakiramdam ko," pagkuwa'y puno ng pag-aalalang sambit nito

habang nakakunot ang noo. “Parang may—” At bago pa man ito matapos magsalita, nagsimulang gumaralgal at pumiyok ang makina, gaya nga ng inaasahan ng dalaga.

Kilalang-kilala ni Mady ang pakiramdam na ito. Ang puntong binabalot ang kanyang buong kalooban ng takot at pangamba dahil mahirap makontrol ang eroplano. At si Lance ay nasa sitwasyong iyon. He was fighting to keep the nose of the aircraft up, but the engine was sputtering out on him.

“Kakaiba ang mga tunog na ito. Ano ang dapat kong gawin?” sigaw nito. Namumuo ang mga butil ng pawis sa noo ng lalaki at namimilog ang mga mata sa takot.

“Akala ko ba, madali lang ito? Di ba sabi mo pa nga, you can land this baby without any hitches?” biro niya nang walang anumang pangamba sa kanyang tono. It was her way of letting him know that she wasn’t worried about the situation.

Pinigilan niya ang sarili na kunin ang kontrol. Kailangan si Lance mismo ang makagawa ng paraan, para maibalik ang eroplano sa normal nitong estado. Dahil kung siya ang aayos sa gusot na ito, baka tuluyang mawalan ng tiwala sa sarili ang lalaki. She wanted to bring him down a notch and teach him

respect for the sky; not frighten him senseless so that he would be too scared to fly again.

"Kaya mo 'yan, Lance. Keep the airplane steady," utos niya.

"I can't do it," nangangatog nitong sagot kahit na medyo umimpis na ang paggaralgal ng makina.

"Oh yes, you can," matatag niyang sabi. "Sasabihin ko sa iyo lahat ng mga dapat mong gawin. Just have presence of mind. Now lower the plane's nose. That's what caused the engine to stall in the first place. That's it, that's it!" aniya nang sundin nito ang sinabi niya. "Now increase your power."

Lance reached for the throttle. At natuwa si Mady nang makita na hindi na nangangatog ang kamay nito. He was behaving admirably under the circumstances. He did have it in him, after all, grace under pressure. And though she would hate to admit it, he impressed her.

Karamihan sa mga nagsisimulang piloto ay magpa-panic sa ibinigay niyang pagsubok dito. Ang iba ay kaagad sumusuko. Pero hindi si Lance. Bakas sa matigas na anggulo ng panga nito ang determinasyon. At mababanaag sa mga mata nitong naniningkit ang konsentrasyon. He was handling

himself superbly.

Sinunod nito lahat ang kanyang mga instructions. Kapagdaka'y umayos ang huni ng makina at muling naging matiwasay ang kanilang paglalakbay sa mga ulap. Sa wakas, nakahinga muli nang maluwag ang binata.

"Great feeling, huh?" Mady couldn't resist teasing him. "Sa palagay mo, madali pa ring mag-land ng eroplano?"

"Point taken," sagot nito sa boses na malumanay. Halatang naintindihan nito ang kanyang ginawang pagsubok.

"Not point taken, lesson learned," aniyang may ngiti sa labi.

"Okay then, lesson learned," sagot nito na may kakaibang kinang sa mga mata. And he did learn his lesson, the hard way at that. Tuso rin pala ang flight instructor nito. Though he must admit, he did deserve to be put in his place.

"Good, now let's land this plane. You've had enough action for one day."

"Tapos na? Parang ang bilis ng oras," anito. There was disappointment in his voice and Mady

was relieved to see that he had the right attitude even after that frightening engine problem. “Parang kasisimula pa lamang natin, ah.”

Ngumiti siya. “May ibang araw pa naman. And so far, you’ve had a very good beginning. Pero kailangan na nating bumalik sa airstrip dahil mayroon pa akong ibang kliyenteng naghihintay.”

Inikot niya ang eroplano patungo sa direksyon ng airport. She maneuvered it back easily into regular air traffic pattern. Along the way, itinuturo niya kay Lance ang mga iba-ibang landmark na malapit sa kanilang hangar. Pinayagan pa rin niya itong magsalita sa radyo para kausapin ang control tower.

Madeleine had to give herself a silent pep talk to focus her mind on flying. Sa maliit na cockpit, masyadong nangingibabaw ang malakas na presence ni Lance. Kahit na wala naman itong ginagawang padaplis sa kanya, balisa pa rin siya sa kanyang silya. At hindi rin nakatulong na masusi nitong pinag-aaralan lahat ng bawat galaw niya.

Bumuntong-hininga siya para mawala ang kakaibang tahip na biglang namuo sa kanyang dibdib. Ibinuhos na lamang niya ang kanyang enerhiya sa pagiging perfect instructor para hindi

nito mabasa ang saloobin niya.

Mady talked as she went into the final approach above the runway. Talo pa niya ang radio announcer sa pagbibigay kay Lance ng blow by blow account tungkol sa bawat galaw niya—mula sa mga pinipindot na mga buton, pagpihit ng mga kung anu-anong dial, paghatak ng bawat lever, at kung anu-ano pa.

At nang lumapat ang mga gulong ng eroplano sa lupa, narinig niya ang nasambit nitong 'Hallelujah!' Napangiti tuloy siya.

Pinayagan niyang gamitin ni Lance ang brake para maramdaman nito ang kakaibang lakas ng eroplano. He was also the one who taxied the plane into the hangar. Finally, when the plane reached full stop, she cut the engine.

Biglang lumutang ang katahimikan sa loob ng maliit na eroplano. Pakiwari ng dalaga, parang mabibingi siya sa katahimikang ito. Wala siyang magawa kundi tingnan ang kanyang katabi. And so for the next few seconds, they did nothing but stare at each other and breathe.

She had no choice but to break the silence. Hindi siya komportable. Nilunok niya ang bara sa kanyang

lalamunan. "For your first lesson, I can honestly say you did very well, Mr. Generalao. Congratulations. You should be proud."

"All thanks to you. Magaling ka kasing instructor," anito sabay, himas sa kanyang pisngi.

Nagulat si Mady sa ginawa ng binata. Isinara nito ang maliit na distansya sa pagitan nilang dalawa. He leaned over to cup her chin in his strong hand, pulling her face a mere inches from his.

Alam niyang dapat itigil niya ang kahibangang ito bago mauwi ang lahat sa isang masalimuot na engkwentro. But her heart and body refused to listen to reason. Sa puntong hinawakan nito ang kanyang mukha, lumipad na ang anumang natitirang lohika sa kanyang kamalayan. Sa halip na itulak si Lance papalayo, lalo pa niyang idinukwang ang kanyang likod at nang mas madali siyang maihapit nito papalapit.

Hindi na rin siya nagulat nang bumaba ang mga labi nito para lupigin ang kanyang bibig. His lips were warm and soft like creamy butter. And when his tongue delved inside her mouth for a deeper union, she didn't protest. Mas lalo pa nga niyang ibinuka ang kanyang bibig para masiil siya nito ng mas malalim na halik. Ni hindi man lang siya

nagpakiyeme o nagtangkang lumayo.

At iyon ang gumulantang sa kanya, na nagbalik sa kanyang katinuan. The fact that she wasn't outraged by his attempt to kiss her was very disturbing. Kaya kahit na kakaibang kiliti sa kanyang puso ang dulot ng halik na ito, wala siyang ibang magawa kundi marahang lumayo para putulin ang pagtatagpo ng kanilang mga labi. Never mind that the kiss was tender and full of promises.

"I mean it, you did well for a first lesson," she struggled to say evenly, trying not to let the intensity of her emotions give her away. Pero alam niyang ang pamumula ng kanyang mga pisngi ang siyang patunay na apektado siya sa namagitan sa kanilang dalawa.

Hindi na niya hinintay pa ang sagot nito. She hurriedly got off the plane, away from the man that threw her off balance. Nababagabag siya sa kanyang nadarama para rito. Ang lakas ng loob na ipinakita nito kanina at ang kalmadong pagharap nito sa problema ang nakahuli ng kanyang affection. At wala siyang magawa para labanan ang mga damdaming ito. Kahit panandalian pa lamang ang kanilang pagkakakilala, he was slowly but surely making his way through her heart. And that really scared her.

Narinig niya ang paglapat ng mga paa nito sa graba, marahil para sundan siya. Subalit hindi na binagalan ni Mady ang kanyang mga yabag para hintayin si Lance. At laking pasalamat niya na hindi rin siya tinawag nito, at tahimik lamang itong sumusunod sa likuran niya ngayon. She needed that short time to compose herself and collect her thoughts.

Inside the office, she turned back to her role as instructor and quizzed him on what he learned on their first session. Hindi na siya nagulat sa dami ng naalala nito mula pa lamang sa kanilang pre-flight instruction hanggang sa actual demo flight. Mabilis maka-pick up si Lance kaya alam na rin nito ang mga sariling kahinaan na kailangang pag-ukulan ng pansin.

"Okay, that's it," pagtatapos niya, sabay tingin sa kanyang relo. "End ng first session mo. May kliyente akong kailangang ihatid sa Palawan in thirty minutes."

"And I thought we'd have dinner to celebrate my accomplishment."

Bumilis ang pintig ng kanyang pulso sa sinabi nito, lalo na't nakaukit sa likod ng kanyang isipan ang masarap na halik na kanilang pinagsaluhan

kani-kanina lang. Pero minabuti niyang idaan lahat sa biro.

"Ha-ha! Don't count your chickens before they are hatched, Mr. Lance Generalao. Marami ka pang oras na kailangang gugulin sa ere before you can even think of celebrating anything."

Nginitian siya nito at akmang magbubuka ng bibig para sumagot. Subalit bumulahaw sa public address system ang isang mensahe, "Capt. Madeleine Santander, please report to hangar eleven immediately."

"That's me. I'll just see you next week," aniya na ibinalik ang atensyon sa binata. Hindi na niya hinintay pa ang sagot nito. Kumaway siya rito at dali-daling nagtatakbo papalayo. She knew it was a coward's way out but she had no other recourse. Laking pasalamat niya sa P.A. system. Isinalba siya nito sa anumang kakaibang gayuma na mayroon si Lance.

"'Bye, Mady," bulong ni Lance sa papaalis na likod ng dalaga. Lord knows how much he wanted to go after her. No woman had ever responded to his kisses that way before. That nanosecond they shared was just like magic. *Ganoon din kaya ang naging pakiramdam niya?* tanong niya sa sarili.

He wasn't stupid enough to believe in love at first sight. Pero hindi rin naman siya malaking gago para ipagwalang-bahala ang kakaibang enerhiya na dulot ng dalaga sa kanyang buong pagkatao. He didn't believe in second chances, so he didn't want to pass this one up.

It really took all his self-control not to grab her. Alam niyang kailangan niyang maghunos-dili para mabigyan ng panahong masanay si Capt. Santander sa kanyang pag-aligid-aligid.

"Slowly," bulong niya sa sarili habang naglalakad patungo sa kanyang auto. "Slowly but surely. Easy ka lang."